# Ipinagbawal ng Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-na salubungin ang mga panindang [dumarating],at ibinta ito ng mga nanahanan sa lugar sa mga taong naninirahan sa Disyerto.

Ayon kay `Abdullāh bin `Abbās, malugod si Allah sa kanilang dalawa.-Siya ay nagsabi:((Ipinagbawal ng Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-na salubungin ang mga panindang [dumarating],at ibinta ito ng mga nanahanan sa lugar sa mga taong naninirahan sa Disyerto.Nagsabi si Ibn `Abbas:Ano ang ibig sabihin sa sinabi niyang: nanahanan sa lugar sa mga taong naninirahan sa Disyerto? Nagsabi siya: Ang hindi siya maging ahente))

[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Sa Hadith na ito,ay ipinagbababawal ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ang ilan sa mga uri ng ipinagbababawal na pagbibinta,dahil sa napapaloob rito na mga kapinsalaan na bumbalik sa nagbebenta o mamimili,o maliban sa kanilang dalawa: Una:Ipinagbawal na salubungin ang mga taong dumarating upang ipagbinta ang mga gamit nila mula sa pagkain o mga hayop,Sasadyain sila bago sila dumating sa merkado,at bibilhin niya sa kanila ang mga dala-dala nila,At dahil sa kawalan nila ng kaalaman sa halaga nito,marahil ay dayahin nila ito sa pagbenta sa kanila,at mawawala sa kanila ang natitirang biyayang pinagpaguran nila,at isinara nila dahil rito ang mga tagumpay.At napagtamo nila ang mga panganib.At ito ay naging parang malamig na pagkain,para sa sinumang hindi nakaranas nito.Ang pangalawa:Ang dalhin ng mga naninirahan sa Disyerto o mga nayon ang mga bagahe niya papunta sa lungsod upang ipagbinta ito sa tamang halaga nito sa isang araw at babalik din.,o sa halagang kinakailangan lamang niya at sapat na sa kanya,subalit darating ang isang taga lungsod at sasabihin niyang:ipagkatiwala mo ito sa akin upang ibinta ko ng unti-unti,sa mataas na halaga,bilang pagpipinsala sa mga taga-lungsod.Kaya dumating ang Batas ng Islam,na nangangalaga sa karapatan ng nagtitindang taga kanluran mula sa taga-lungsod at nangangalaga sa karapatan ng taga-lungsod.

النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY

لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC
E-Da'wah Committee